



GABAY sa Mga Pagtatasang EQA0 sa Elementarya

Mga Pagtata sa Pagbabasa, Pagsusulat at Matematika

Primary na Dibisyon (Primary Division) (Grade 1–3)

Junior na Dibisyon (Junior Division) (Grade 4–6)

Kinukuha ng mga estudyante sa Ontario ang mga pagtata sa buong probinsya, na nauukol sa kanilang kakayahan sa pagbabasa, pagsusulat at kakayahan sa numero, sa mahahalagang yugto ng kanilang pag-aaral:

Ang Grade 3 na pagbabasa, pagsusulat at matematika ay tinatasa sa katapusan ng primary na dibisyon


Ang Grade 6 na pagbabasa, pagsusulat at matematika, na tinatasa sa katapusan ng junior na dibisyon

Ang Grade 9 na matematika ay tinatasa sa unang taon ng sekundaryong pag-aaral

Ang Grade 10 na kakayahang bumasa at sumulat ay sinusubok bilang pangangailangan

Ang mga pagtata ay ibinibigay ng Education Quality and Accountability Office (EQA0), isang independiyenteng ahensya ng Ministry of Education.

Tutulungan ka ng polyetong ito na maunawaan ang dalawang pagtatasang EQA0 na kinukuha ng mga estudyante sa Ontario sa elementarya, at kung paano magagamit ang mga resulta upang tasahin at suportahan ang pag-aaral.



Ano ang nilalaman ng mga pagtatasang EQAO?

- Sinusulit ng pagtatasa ng primary-division ang pagbabasa, pagsusulat at mga kakayahan sa matematika na inaasahang natutunan na ng mga estudyante sa pagtatapos ng Grade 3.
- Sinusulit ng pagtatasa ng junior-division ang pagbabasa, pagsusulat at mga kakayahan sa matematika na inaasahang natutunan na ng mga estudyante sa pagtatapos ng Grade 6.
- Sinusukat ng mga pagtatasa kung kaya ng mga estudyante na
 - maunawaan ang kanilang binabasa sa iba-ibang uri ng text;
 - maipahayag ang kanilang mga nararamdaman sa pagsusulat gamit ang wastong gramatika, pagbabaybay at pagbabantas at
 - magamit ang angkop na mga kakayahan sa matematika para masagutan ang mga problema.
- Sa bawat pagtatasan, may apat na bahagi na para sa wika at dalawang bahagi para sa matematika.
- Ang bawat tanong sa bawat pagtatasang EQAO ay batay sa mga inaasahang pagkatuto na inilahad sa *The Ontario Curriculum*, na siyang ring natututunan ng mga estudyante sa classroom araw-araw.

Kailangan bang kunin ng lahat ng estudyante ang mga pagtatasang EQAO?

Ang mga pamprobinsyang pagtatasa ay bahagi ng programa sa edukasyon ng Ontario. Kailangan itong kunin ng lahat ng estudyanteng nag-aaral sa mga paaralang pinopondohan ng gobyerno na sumusunod sa *The Ontario Curriculum*.

Ang mga estudyanteng may pangangailangan sa espesyal na edukasyon ay pinagbibigyan nang naaayon sa kanilang nakasanayang pagtatasa sa regular na classroom. Ang mga espesyal na probisyon ay maaari ring payagan para sa mga mag-aaral ng Ingles. Kung ang isang estudyante ay walang kakayahang kunin ang bahagi o ang buong pagsusulit—kahit nabigyan na ng konsiderasyon—maaari siyang itangi ng principal batay sa pakikipag-usap nito sa mga opisyal ng paaralan at mga magulang o tagapag-alaga.

Kailan nagaganap ang mga pagtatasa?

Ang mga pagtatasa ay kinukuha sa loob ng dalawang linggo, na karaniwang tuwing huling bahagi ng Mayo at unang bahagi ng Hunyo. Ang mga estudyante ay binibigyan ng isang oras upang tapusin ang bawat bahagi ng pagtatasa. Tinutukoy ng bawat paaralan ang mga petsa at oras nito sa pagtatasa sa panahon ng pagtatasa.

Kailangan ba talagang mag-aral ng mga estudyante para sa mga pagtatasa?

Hindi. Dahil ang mga pagtatasang EQAO ay ganap na batay sa *The Ontario Curriculum*, hindi ito nangangailangan ng espesyal na paghahanda. Maaaring gamitin ng mga estudyante ang mga halimbawa ng mga materyales sa pagtatasa na makikita sa www.eqao.com upang malaman ang format ng pamprobinsyang pagtatasa at ang mga uri ng tanong na itatanong.

Dapat maunawaan ng mga estudyante na ang mga pagtatasa ay pagkakataong ipakita ang kanilang nalalaman. Hindi maaapektuhan ang kanilang mga grado sa report card, anoman ang kalabasan ng kanilang pagganap.



Kailan at papaano inilalabas ang mga resulta ng EQAO?

Ang mga resulta ay inilalabas sa Setyembre ng susunod na taon ng pag-aaral. Matatanggap ng mga estudyante ang Individual Student Report ng EQAO nang direkta mula sa kanilang paaralan.

Ang mga paaralan at ang mga komite ng paaralan ay nakakatanggap ng detalyadong mga ulat tungkol sa mga nakamit [achievement] ng kanilang mga estudyante upang makatulong na ipaalam ito sa kanilang plano sa pagpapahusay. Ang pangkalahatang resulta para sa paaralan at para sa antas ng komite ay makikita ng lahat sa Web site ng EQAO.

Paano inuulat ang mga resulta ng EQAO?

Ang mga resulta ng mga pagtatasang EQAO sa elementarya ay iniuulat ayon sa apat na antas ng pagkamit [achievement], ng probinsya. Ang mga ito rin ang antas na ginagamit ng mga guro sa classroom at sa mga report card upang maiulat ang pagkamit [achievement] ng estudyante. Ang pamprobinsyang pamantayan ay Antas 3, na tumutugon sa pagkamit, na nasa saklaw ng B- hanggang B+. Ang mga estudyanteng nakakatugon o nakakalampas sa pamantayan (ibig sabihin, nakakamit ng Antas 3 o 4) sa pagtatasa ay nakapagpakita ng karamihan sa o ng lahat ng kaalaman sa pagbabasa, pagsusulat at matematika, gayundin ang mga kakayahan na inaasahan sa kasalukuyang yugto ng kanilang edukasyon.

Ang mga resulta ba ng EQAO ay nakakadagdag sa marka ng mga estudyante?

Ang mga resulta sa pamprobinsyang pagtatasa sa elementarya ay hindi isasama sa mga grado ng estudyante. Ang mga ito ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon na isasaalang-alang, kasama ng mga grado sa report card, upang masukat ang kaalaman ng estudyante at malaman kung ano pang dagdag na suporta ang maaaring kailanganin.

Bakit mahalaga ang mga resulta ng pagtatasa sa EQAO?

Ang mga resulta ng pagtatasang EQAO ay mahalaga, walang-kiniikilingang pantukoy kung ang mga estudyante ay nagkakaroon ng matatag na kakayahan sa numero, pagbabasa at pagsusulat, sa mahahalagang yugto ng kanilang pag-aaral. Naipakita na ng pagsasaliksik na ang mga estudyanteng hindi nakakaabot sa pamprobinsyang pamantayan sa mga pagtatasang EQAO sa elementarya ay mas nasa panganib na hindi makapagbasa, makapagsulat o mag-matematika nang mahusay sa high school. Kailangan pagtuunan ng pansin ng mga tagapagturo at ng mga magulang ang mga senyales na ito at magbigay ng dagdag na suporta sa mga estudyanteng ito. Maaaring maipaabot ng mga resulta ng EQAO sa plano sa pagpapahusay, sa pamamagitan ng pagtulong nito na matukoy ang mga bahagi ng pag-aaral na maaaring nangangailangan ng higit pang pagtugon.

Mahalaga rin ang mga resulta ng EQAO dahil ito lamang ang pampublikong ebidensya ng achievement na maaaring ihambing para sa lahat ng estudyante sa buong probinsya.

Paano dapat gamitin ang pagtatasang EQAO?

Ang mga resulta ng pagtatasang EQAO ay dapat suriin kasama ng pang-araw-araw na gawain ng estudyante sa classroom, at iba pang impormasyon sa pagtatasa upang matukoy ang mga bahaging nangangailangan pa ng suporta. Para sa mga estudyanteng hindi makakatugon sa pamprobinsyang pamantayan, partikular na mahalaga para sa mga estudyante at magulang na pag-usapan kung paano makapagtulungan o maalis ang mga balakid sa pag-aaral at mas mapaghusay ang pagkamit [achievement].

Bakit nagsasagawa ang Ontario ng mga pagtatasa para sa buong probinsya?

Ang Ontario ay nagsasagawa ng pamprobinsyang pagtatasa upang

- ipaalam ang pagpapahusay ng mga programa sa pagtuturo at mga estratehiya upang matulugang magtagumpay ang lahat ng estudyante at
- mapagtibay ang pananagutan ng sistema ng pampublikong edukasyon.

Bisitahin ang www.eqao.com para sa karagdagang impormasyon.

Education Quality and
Accountability Office



Education Quality and Accountability Office
2 Carlton Street, Suite 1200, Toronto ON M5B 2M9
1-888-327-7377 | www.eqao.com

© 2014 Queen's Printer for Ontario